

# Isang Halimbawa ng Pamamaraan ng Pagtuturo ng Balarilang Gamitin

*(A Sample of A Teaching Procedure In Functional Grammar)*

**By Jose M. Ramos**

## I. Tilamsik ng Tingin:

(An Overview)

Sa kasalukuyan, binibigyang diin ang pagtuturo ng balarilang gamitin higit sa pamamaraang maanyo. Ang ganito ay napapanahon sapagka't alinsunod sa masusing pagmamatyag na sinundan ng matiyagang

pagaaral ang naunang paraan ay hindi lamang makabuluhan kundi bagkus higit pang mabisa sa mading pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang wika ay magaang na matutuhan sa pamamagitan ng: (a) pakikinig, (b) pagsasalita, (k) pagbasa, (d) pagsulat at (e) paggamit. Maligoy at lumi-

likha ng alinlangan ang pagtuturong iniisa-isa ang mga sangkap ng pangungusap. Maaaring madaling maunawaan ng mga bata ang kaukulan ng bawa't sangkap. Nguni't ang pag-uugnay-ugnay ng mga ito sagamit na may kawastuan at may puspusang diwa ay tila may kahirapan kundi man may kaliwagan.

Ang panuntunang kinakailangang pagbatayan ng paglinag ng wika, laluna ng wikang banyaga ay ang pagpapalaganap muna. Ang pagpapayaman ay sa dakong huli na kung ang mga istudyante ay may sapat nang kaalaman ng karaniwan at pang-araw-araw ng talasalitaan.

(Presently, emphasis is being placed on the teaching of functional more than the formal grammar. This is rather timely as according to close observation followed by asiduous study the former procedure is not only worth its salt, but also unquestionably effective in the easy acquisition of the students.)

A language is easily learned through: (a) listening, (b) speaking, (c) reading, (d) writing, and (e) application. It would be too frolic and quite confusing to teach individual part of speech in the mechanics of a sentence. It may be possibly easy for the children to master the mechanics. But the application of the knowledge learned in terms of correctness and sensibility may be questionable if not impossible.

As a matter of rule the basis for disseminating language, especially foreign language is to propagate first. The development and enrichment will come next when the learners have already acquired adequate ordinary vocabulary for everyday use.)

## II. A. Layuning Panglahat: (Gen. Objective)

Linangin ang kawilihan sa mga gawaing: pakikinig; pagsasalita, pagbasa, at pagsulat sa hangad na madaliang matutuhan ang wikang pinag-aaralan.

### B. Mga Tiyak na Layunin: (Specific Objectives)

1. Matutuhan ang wastong paggamit ng panghalip.
2. Magkaroon ng kasanayan sa wastong pagbigkas ng mga salita kung nagpapahayag ng sariling kaisipan.
3. Masanay sa wastong pagbaybay ng mga salita.
4. Linangin ang kakayahang maipahayag na muli ang narinig o nabasa.

(A. Develop the interest in activities, like; listening, speaking, reading, and writing with a view to learn easily the language under study.)

- (B. 1. To learn the correct use of pronouns.  
2. To acquire skill in the correct pronunciation of words when expressing one's thought.  
3. To gain skill in the correct spelling of words.  
4. Develop the ability to retell what was heard or read.)

## III. Paglinang:

### (Development)

#### 1. Pakikinig — (Listening)

Mga bata, ako'y may ikukuwento sa inyo. Ito ay isang magandang salaysay na narinig ko sa aking lolo. Makinig kayong mabuti at inyong pansinin kung may kamalian o wala. Pagkatapos nating ma-iwasto kung mali ay kayo naman ang magpapahayag. Handa na ba kayo? Pamagat: Ang Pagdalaw.

(Children, I have a story to tell you. This is a beautiful one which I heard from my grandfather. Listen very well and note whether there is any mistake or not. After we have corrected it, if there is any error, you are going to restate it. Are you ready? The title: The Visit.)

#### Ang Pagdalaw

Si Jose ay isang mabait na bata. Si Jose ay masunurin, masipag at magalang. Si Jose ay nag-aaral sa Maynila. Si Jose ay kumukuha ng kurso ukol sa pagsasaka. Si Jose, sapagka't matiyaga at masipag mag-aral, kaya't laging nagtatamo ng matataas na nota. Malugod kay Jose ang kay Joseng mga guro. Gayon din ang kay Joseng mga kamag-aaral.

Sumapit ang bakasyon. Si Jose ay umuwi sa lalawigan. Gusto ni Joseng makita naman ang kay Joseng mga magulang at mga kapatid. Gusto ni Joseng makadalaw naman sa sariling bayan ni Jose. Kaya nga't si Jose ay umuwi.

Nagalak ang mga magulang at kapatid ni Jose. Natuwa rin naman ang mga kaibigan ni Jose. Si Jose ay higit na naligayahan sa pagkadalaw na iyon ni Jose.

(Note: Translation is made in the corrected form.)  
Mga Pantulong:

#### (Helps)

1. Nagustuhan ba ninyo ang kuwento? (Do you like the story?)
2. Anong salita ang napansin ninyong paulit-ulit na nabigkas? (What word did you notice which was repeatedly said?)
3. Ayon sa ating napag-aralan na, ano ang tawag natin sa salitang tulad noon? (According to what we have already studied, what do we call such kind of word?)
4. Ano ang dapat nating gawin upang maging wasto ang pagkakabuo ng ating kuwento? (What shall we do in order to make the construction of our story correct?)
5. Ano ang itatawag natin sa salitang pumapalit sa pangngalan? (What do we call the word that is used in place of a noun?)

Ngayon, tingnan natin. Sa bawa't salitang Jose ay ihahalili ko ang kaukulang panghalip. Makinig kayo uli at bibigkasin ko.

(Now, let us see. For every word Jose I am going to place instead the appropriate pronoun. Listen again, I will recite it.)

### Ang Pagdalaw (Iniwasto)

Si Jose ay isang mabait na bata. Siya ay masunurin, masipag at magalang. Siya ay nag-aaral sa Maynila. Siya, ay kumukuha ng kurso ukol sa pag-sasaka. Siya, sapagka't matiyaga at masipag mag-aral, kaya't laging nagtatamo ng matataas na nota. Malugod sa kanya ang kanyang mga guro. Gayon din ang kanyang mga kamag-aaral.

Sumapit ang bakasyon. Siya ay umuwi sa lalawigan. Gusto niyang makita naman ang kanyang mga magulang at kapatid. Gusto niyang makadalaw naman sa sarili niyang bayan. Nasasabik siyang muling makaulayaw ang mga kaibigan at kapalagayang-loob niya. Kaya nga't siya ay umuwi.

Nagalak ang mga magulang at kapatid niya. Natuwa rin naman ang mga kaibigan niya. Siya ay higit na naligayahan sa pagkadalaw niyang iyon.

#### The Visit (Corrected Form)

(Jose is a good boy. He is obedient, industrious, and courteous. He is studying in Manila. He is taking a course leading to agriculture. Because he is persevering and patient he gets high marks. His teachers admire him. His classmates appreciate him, too.)

Vacation comes. Jose goes home to the province. He likes to see his parents, sisters and brothers. He wants to visit his home town. He is anxious to meet once again his friends and acquaintances. That is why he comes home.

His parents, sisters and brothers are happy. His friends are also glad. Above all he enjoys his visit.)  
Mga Pantulong:

#### (Helps)

1. Ano ang ginawa natin upang maiwasto ang kuwento? (What did we do to correct the story?)
2. Anu-ano ang mga salitang ipinalit natin sa salitang Jose? (What words did we use in place of Jose?)
3. Ano ang tawag natin sa mga iyon? (What do we call them?)

#### 2. Pagsasalita —

##### (Speaking)

Kayo naman ngayon ang magkukuwento. Huwag ninyong kalilimutan ang mga panghalip na ating ipinalit sa Jose sa bawa't pangungusap.

(Now, you are going to retell the story. Don't forget the pronouns that we used in place of Jose in each sentence.)

Note: The pupils will tell the corrected story. The teacher should see to it that at least 85% of the members of the class recite the story perfectly. At most 100% is the goal.

#### 3. Pagbasa —

##### (Reading)

Tingnan nga natin kung ating mababasa ang ating isinalaysay. Tumingin kayo rito. Basahin natin ang kuwento.

(Let's see if we can read what we have related. Look here. Let us read the story.)

Note: The material may be presented on the board, on chart or whatnot. Reading activities are undertaken under the skillful guidance of the teacher.

#### 4. Pagsulat —

##### (Writing)

Nabasa na natin nang malakas ang kuwento. Basahin naman natin ngayon nang mahina o tahimik at tingnan natin kung maisusulat natin ang kuwento nang walang mali. Kung magagawa ninyong sulatin iyon sa inyong sariling pangungusap ay lalong mabuti.

(We have already read orally the story. Let us read it silently and find out if we can write it without any mistake. If you can reproduce it in your own words so much the better.)

Note: There are many ways of conducting the written activity. It is left at the discretion of the teacher as to how she will treat it, provided that the desired results are attained. Writing activities take place at this stage.

#### 5. Paggamit —

##### (Application)

Umisip tayo ngayon ng ating sari-sariling kuwento na kahawig ng ating napag-aralan. Sa ating kuwento ay gagamitin natin ang mga panghalip na ating natutuhan na.

(Now, let us think of our own stories similar to the one we have studied. In our stories we shall use the pronouns we have already learned.)

Note: There are various ways in checking up the learning proficiencies of pupils. The above is only suggestive. It is left at the discretion of the teacher what she deems proper to employ to attain her goal. Testing on the usage of the pronouns in sentences form may be utilized. Short quizz may likewise be used.

#### IV. Pagwakas:

##### (Conclusion)

Ang nasa unahang pamamaraan ng pagtuturo ay ibinatay sa mga hakbang ng pagtuturo ng Wikang Pilipino bilang pangalawang wika. Ang pamamaraang nabanggit ay maaaring gamitin hindi lamang sa pagtuturo ng naulit na Wikang Pilipino kundi gayon din naman sa Wikang Inglis, wikang banyaga sa Pilipinas.

(The foregoing method of teaching is based on the procedure of teaching the Filipino Language as a second language. This can be used not only in teaching the said Filipino Language but also in the instruction of English, a language foreign to the Philippines.)

#### V. Mga Sanggunian:

##### (References)

1. Fries, Charles — Teaching English As A Second Language
2. Division Bulletin No. 3, s. 1957 (Credit: Division of Romblon)